

Ang pagpáatawá bilang kritika: Isang pagsusuri sa kritisismo ng/sa seryeng *Kung Puwede Lang* (KPL) ng Facebook page na VinCentiments

Christopher Bryan A. Concha & Mariz S. Autor

Abstrakt

Ang Facebook page na VinCentiments ang nasa likod ng mga viral short film tulad ng *Kung Puwede Lang* (KPL). Tungkol ito sa hinaing ng isang estudyante sa kaniyang guro na umani nang mahigit 16 milyong views. Kalimitang tinatalakay ng VinCentiments ang mga isyung panlipunan sa pamamagitan ng parodiya. Gamit ang konsepto ng Pantawang Pananaw ni Rhoderick Nuncio (2002) at *Sociology of Humor* ni Giseline Kuipers, sinipat ng papel ang kritisismong nangingibabaw sa kanilang maiikling pelikula. Nilimitahan lamang ang pagsusuri sa piling maiikling pelikula na kabilang sa seryeng KPL na inilabas mula Hunyo hanggang Disyembre 2018: ang (a) *KPL*; (b) *Resbak Kakak ni Mam*; (c) *BOSSABOS*; (d) *The OFW Rant*.

Keywords: VinCentiments, Pantawang Pananaw, Maikling Pelikula, Facebook, Humor studies

Plaridel Open Access Policy Statement

As a service to authors, contributors, and the community, *Plaridel: A Philippine Journal of Communication, Media, and Society* provides open access to all its content. To ensure that all articles are accessible to readers and researchers, these are available for viewing and download (except Early View) from the *Plaridel* journal website, provided that the journal is properly cited as the original source and that the downloaded content is not modified or used for commercial purposes. *Plaridel*, published by the University of the Philippines College of Mass Communication is licensed under Creative Commons Attribution-NonCommercial-NoDerivatives 4.0 International License (<https://creativecommons.org/licenses/by-nc-nd/4.0/legalcode>).

How to cite this article in APA

Concha, C. B. A. & Autor, M. S. (2023). Ang pagpápatawá bilang kritika: Isang pagsusuri sa kritisismo ng/ sa seryeng Kung Puwede Lang (KPL) ng Facebook page na VinCentiments. *Plaridel*, 20(1), 201-234. <https://doi.org/10.52518/2021-02conaut>

Abstract

VinCentiments is the Facebook page behind the viral short films, such as *Kung Puwede Lang* (KPL), a 4-minute video that features a student who is complaining to her teacher. This video reached more than 16 million views. VinCentiments usually tackles social issues in a comical and parody way. Using Rhoderick Nuncio's concept of Pantawang Pananaw (2002), this paper explored the criticisms that transcends in their short films. The analysis was limited in the chosen short films that are included in the KPL series which were posted from June to December 2018: (a) *KPL*; (b) *Resbak Kakak ni Mam*; (c) *BOSSABOS*; (d) *The OFW Rant*.

Introduksiyon

Sa pananaw ni Maria Rhodora Ancheta (2017), bagama't kadalasang tinitingnan ang “Filipino humor” bilang isang anyo ng aliw para sa masa o sa mga karaniwang tao, isa pa rin itong manipestasyon ng pambansang kaisipan—kung sino ang mga Filipino bilang mamamayan. Nakakawing ang Filipino humor sa teksto ng kulturang popular sa persepsiyon ng kawalang balanse sa lahat ng anyo ng komiks tulad ng panunudyo, parse, at parodiya. May elemento ng pantasya sa lahat ng ito kung saan sinusuri at maaaring sinisira ang mapang-aping sitwasyon ng buhay. Dagdag pa niya, ang pagka-Filipino ng pagpápatawá ay nagpapakita ng “cultural code” na nag-uugnay sa indibidwal at sa kaniyang komunidad. Kung gayon, maituturing na isang makapangyarihang salik ang paraan ng mga Filipino sa pagpápatawá sa pagbuo ng identidad o pagkataong Filipino.

Bilang mga Filipino, bahagi na ng ating pagkakakilanlan ang pagiging positibo sa pagharap sa iba't ibang problema tulad ng hagupit ng bagyo. Kaya naman, hindi nakapagtataka na sa kabila ng mga sakunang ito, nagagawa pa rin nating magpatawá sa mga ganitong sitwasyon, partikular na sa espasyo ng social media. Halimbawa na lamang ang nagsulputang “Quiboloy jokes” sa Facebook matapos ang kontrobersiyal na pahayag ng pastor na si Apollo Quiboloy, na siya ang nakapagpahinto sa naitalang 6.6 magnitude na lindol sa ilang bahagi ng Mindanao noong Oktubre 2019 (Galvez, 2019). Naging tumpulan ito ng katatawanan at marami sa netizen ang hinamon si Quiboloy na pahintuin din ang pananalasa ng Bagyong Tisoy noong Disyembre 2019, maging ang naging pag-aalboroto ng Bulkang Taal noong Enero 2020 (Gabinete, 2020).

Bukod sa mga sakuna, malimit ding gawing katatawanan ng netizens ang mga isyung pampolitika. Isang halimbawa ang ilang kontrobersiya hinggil sa paghahanda ng Pilipinas bilang host country ng 30th Southeast Asian (SEA) Games. Naging usap-usapan sa social media, ang naisiwalat na overpriced na cauldron para sa nasabing palaro na nagkakahalaga ng PHP50 milyon (Lopez, 2019). Bilang tugon, naging trending ang katagang “kalderong ginto” na iniuugnay sa teleseryeng *Kadenang Ginto* (2019) upang tuligsain ang hindi makatwirang paggastos ng pamahalaan (Garcia, 2019). Sa paliwanag ni Karen Ramos (2018), ang *meme* ay hindi lamang nililikha upang gawing katatawanan ang isang bagay at/o usapin. Sa halip, nagagamit din ito bilang paraan ng pagtutol, panunuligsa, at propaganda. Ikinukubli sa biro/pagbibiro ang totoong saloobin na mahirap sabihin kung seryoso ang tonong nangingibabaw sa isang kumbersasyon. Nagsisilbi itong mekanismo upang pagaanin ang mga paksang sensitibo.

Ito ang uri ng pagpápatawáng masasalamain sa seryeng *Kung Puwede Lang* (KPL) ng Facebook page na VinCentiments. Nabuo ito nang maging

viral ang unang *KPL* na umani ng halos 22 milyong view (Cayetano, 2018). Patungkol ito sa paglalabas ng samot-saring hinaing ng isang estudyante sa lahat ng ipinagagawa sa kanila ng guro sa loob ng klase. Bunsod ng tagumpay nito, naglabas sila ng iba pang bersiyon ng *KPL* na may kahalintulad na tema ng paglalahad ng mga bagay na hindi kayang direktang sabihin sa kapuwa.

Sa ganitong konteksto, nilalayon ng papel na ito na makapag-ambag ng panibagong pag-aaral na tumatalakay sa “humor studies” sa bansa, partikular na sa espasyo ng social media, sa pamamagitan ng pagsusuri sa seryeng *KPL*. Nakatutok ang pananaliksik sa (1) pagtukoy ng mga isyung panlipunan na tinatalakay sa seryeng *Kung Pwede Lang (KPL)* ng VinCentiments; (2) paggalugad sa limang elemento ng Pantawang Pananaw ni Rhoderick Nuncio (2002) na matutunghayan sa maiikling pelikulang ito (Anyo/Kontent; Konteksto; Midyum; Aktor; at Manonood); at (3) pagsusuri sa kritikal na gampanin ng pagpápatawá bilang kritisismo sa maiikling pelikula ng VinCentiments.

Pagpápatawá Bilang Kritika

Kadalasang napagpapalit at/o napag-iisa ang kahulugan ng pagtáwa at pagpápatawá. Sa paliwanag nina Elizabeth Frates (2014), mailalarawan ang pagpápatawá bilang isang stimulus, tulad ng pagbibiro, na may layong pumukaw ng atensiyon. Sa kabilang banda, ang pagtáwa naman ang siyang pisikal na reaksiyon sa nilikhang pagpápatawá. Para naman kay Nuncio (2002), isang reaksiyong pandamdang ang táwa na tumutulong maibsan ang emosyon ng isang indibidwal mula sa mabigat na saloobin. Ito ang isa sa mga rason kung bakit lumilikha ng katatawanan ang isang tao. Maiuugnay ito sa paliwanag ni Ancheta (2017) na isang paraan ang pagpápatawá upang magpatuloy sa buhay sa kabila ng mga suliranin. Hindi ito parating kawalan lang ng kahulugan at/o silbi sapagkat kumokonekta ito sa realisasyon ng kung ano ang nakaloloko o nakatatawá sa isang partikular na sitwasyon.

Sa pananaw naman ni Giseline Kuipers (2008), maituturing na isang panlipunang penomenon ang pagpápatawá at bahagi na ito ng pakikipag-ugnayan ng isang indibidwal. Isa itong anyo ng komunikasyon na nahuhubog batay sa lipunan at kultura, sa partikular na panahon at espasyo. Sa larangan ng sosyolohiya, isinasaad sa conflict theory na nagiging ekspresyon ng panlipunang tunggalian ang pagpápatawá: ang pagpápatawá bilang sandata, porma ng atake, o anyo ng depensa (Speier, 1998). Kalimitang nagiging pokus ng mga ito ang mga isyung panlipunan tulad ng lahi at etnisidad, suliraning pampolitika, hindi pagkakapantay-pantay sa seksuwalidad o pagtuligsa sa gobyerno. Maaari ding gamitin ang pagpápatawá upang makapagpahayag ng magkakasalungat na aspekto ng buhay, makipag-ugnayan at magbahagi ng karanasan sa iba (Mulkey, 1988).

Sinusuportahan ito ng sinasabi ni Felicidad Galang-Pereña (2019) na ang paggamit ng kabalintunaan, pagmamalabis, panunuya at pagpápatawá ay paraan ng pagtuligsa sa gawaing walang kabuluhan, partikular na sa konteksto ng kontemporaryong politika at iba pang napapanahong isyu. Mayroon itong mas malaking layon sa kritisismo ng panlipunang konstruktibo at katarsis noong sinaunang panahon hanggang sa kasalukuyan. Maraming mga organisasyong pampolitika, faksyon, at kilusan ang gumamit ng pagpápatawá upang ipahayag ang kanilang mga punto. Ito ang nagsilbing puwersa upang mapilitan ang mga politikong bigyang-pansin ang kanilang mga hainaing (Kuipers, 2008).

Kung babakasin ang ating kasaysayan, kakikitahan na ng ganitong persepsiyon sa pagpápatawá bilang pagtuligsa sa awtoridad ang mga Filipino, mula pa noong orál na tradisyon. (Nuncio, 2002). Patuloy itong masasalamín sa panahon ng pananakop ng mga Espanyol kung kailan naging mabisang instrumento ang pagpápatawá upang punahin ang mga baluktot na pamamalakad ng pamahalaan noon. Mula sa paglalakip nito sa pagtatanghal ng mga Sarsuwela hanggang sa mga artikulo at panitikang nailathala (Balmores-Paulino, 2018). Ganito rin ang naging sandata ng mga kritiko ng gobyerno nang maisailalim ang bansa sa Batas Militar. Bunsod ng malawakang sensurang ipinataw ng Rehimeng Marcos laban sa mga kumakalaban sa pamahalaan, isa ang komedya sa naging lunsaran ng kritisismo (Galang-Pereña, 2019). Sa kaniyang artikulo, tinukoy niya bilang isang halimbawa nito ang panggagaya noon nina Willie Nepomuceno at Tessie Tomas sa mag-asawang Marcos sa kanilang mga pagtatanghal. Ginamit nila ang impersonasyon upang kutyain ang pamahalaan at pasaringan ang pagmamalabis nito sa kapangyarihan. Matagumpay mang napabagsak ang diktatura noong 1986, nagpatuloy ang paraan ng kritikang sinimulan nina Nepomuceno hanggang sa mga sumunod na pinuno ng bansa, partikular na sa panunungkulan ni dating Pangulong Joseph Estrada. Mula sa mga pagtatanghal sa entablado, tumagos na rin ang ganitong uri ng kritisismo sa mas malawak na midyum—ang social media. Kasabay rin nito ang pagsulpot ng mga bagong porma ng pagpápatawá tulad ng internet meme at Graphics Interchange Format (GIF) meme (Taecharungroj & Nueangjamnong, 2015).

Higit sa pagtingin sa katatawanan bilang uri ng kritika, mahalagang masipat din ito bilang paraan ng pagkilala sa pagkataong Filipino (Ancheta, 2017). Sinasalamín nito kung paano tayo mag-isip, kumilos, at makipag-ugnayan sa lipunang ating ginagalawan (Balmores-Paulino, 2018). Kaya naman, bagama't itinuturing na isang likhang sining ang mga impersonasyon nina Nepomuceno, bahagi rin ito ng ating kolektibong alaala bilang bansang nakaranas ng opresyon at pang-aabuso (Galang-Pereña, 2019). Sa ganitong

diwa, mainam na gamitin bilang pangunahing gabay sa gagawing pagsusuri sa seryeng *KPL* ang lenteng nakakabit sa kamalayan at diwang Filipino tulad ng Pantawang Pananaw.

Mula Teatro Patungong Cyberspace: Ang VinCentiments Bilang Produksiyong Pampelikula

Ang teatrang pangkat na SAWAKAS o Sa Amin Wagi Ang Kultura at Sining ang produksiyong nasa likod ng Facebook page na VinCentiments (Lasin, 2018). Sa inisyal, binuo lamang nila ito upang gamiting estratehiya sa promosyon ng kanilang mga dulang panteatro. Napagkatuwaan lamang ng pangkat na lumikha ng maiikling pelikula upang may mapaskil sa kanilang pahina. Bagama't noong Mayo 2018 lamang nila ito inilunsad, umabot na sa 4.1 milyon ang tumatangkilik sa VinCentiments sa kasalukuyan (VinCentiments, n.d.). Ang VinCentiments ay kombinasyon ng salitang *sentiment* at ng pangalan ng kanilang cinematographer na si Vincent Asis (Cayetano, 2018).

Nagsimulang lumikha ng ingay sa Facebook ang VinCentiments dahil sa kanilang maikling pelikula na *Jowable* (VinCentiments, 2018a). Tungkol ito sa isang dalagang pumasok sa simbahan na may dalang alak. Inirereklamo niya sa Diyos ang kasawian niya sa pag-ibig at kung bakit hindi pa rin siya nagkakaroon ng “jowa” o kasintahan sa kabila ng kaniyang magagandang katangiang taglay. Nakapagtala ang nabanggit na video ng mahigit 10.3 milyong view (VinCentiments, n.d.). Sumunod na pinag-usapan ang kanilang maikling pelikula na *KPL* (VinCentiments, 2018b) na tungkol naman sa paglalabas ng sentimyento ng isang estudyante sa mga ipinagagawa ng kanilang guro. Sa pagtatapos ng clip, ipinakitang hindi talaga nagawang maipahayag ng mag-aaral ang kaniyang saloobin. Nakayuko lamang siya habang pinangangaralan ng guro sabay bulong ng “kung pwede lang” (3:46). Mainit itong pinag-usapan sa Facebook at umani ng mahigit 22 milyong view (VinCentiments, n.d.). Mula noon, patuloy na dumami ang tagatangkilik ng VinCentiments at sunod-sunod na naging viral ang kanilang maiikling pelikula.

Naging sentro naman ng kontrobersiya ang VinCentiments nang itampok nila ang kanilang maikling pelikulang *Virgin Marie* ((VinCentiments, personal communication, August 15, 2018)) na burado na sa kanilang Facebook page. Ipinakikita rito ang isang batang babae na nasa isang korte at isinasalaysay ang ginawang panghahalay sa kaniya ng ama. Pagkatapos magsalita ng bata, pumasok ang isang abogada na pinagsasabihan ang bata na ayusin ang pagkukuwento sapagkat nahahalata ang kaniyang pagsisinungaling. Sa wakas ng maikling pelikula, iginiit nitong may kakayahan ding magsinungaling ang mga bata. Maraming netizen ang

nagpahayag ng pagkondena rito. Batay rin sa datos ng National Baseline Study on Violence Against Children noong 2016, isa sa limang kaso ng panggagahasa sa bansa ay kinasasangkutan ng menor de edad. Kung kaya, itinuturing nila itong malaking insulto sa mga batang biktima ng panghahalay (Arias, 2018). Bunsod ng mga reklamo ukol sa video, napilitan ang Facebook na tanggalin ito.

Bagama't inulan ng mga puna at batikos, patuloy na lumikha ng maiikling pelikula ang VinCentiments. Wala pa mang isang taon, umabot na sa 25 maiikling pelikula ang kanilang nailabas mula Mayo hanggang Disyembre 2018. Tingnan ang talahanayan sa ibaba.

Talahanayan 1: Ang 25 Maiikling Pelikula ng VinCentiments (Mayo–Disyembre 2018*)

Pamagat	Petsa ng Paglimbag	Bilang ng Reaksiyon (estimasyon)	Bilang ng Komento (estimasyon)	Bilang ng Share	Average na interaksyon kada buwan**
<i>BES</i>	31-Mayo-2018	15,000	2,200	5,261	3,208.71
<i>Mga Bagay na Hindi Na Dapat Pag-usapan</i>	4-Hun-2018	122,000	24,000	106,814	36,116.29
<i>JOWABLE</i>	14-Hun-2018	170,000	63,000	151,906	54,986.57
<i>ELLPISES</i>	15-Hun-2018	16,000	2,600	6,430	19,518.58
<i>BALIKAN</i>	20-Hun-2018	139,000	17,000	109,844	37,977.71
<i>DPDPDP (Deserving Pero Di Pinili Dahil Pangit)</i>	27-Hun-2018	83,000	12,000	73,999	24,142.71
<i>PERSTAYM TAYMPERS</i>	5-Hul-2018	74,000	20,000	41,814	22,635.67
<i>ELEVATOR</i>	11-Hul-2018	41,000	5,100	35,958	13,676.33
<i>CLINGY</i>	18-Hul-2018	42,000	2,700	16,917	10,269.5
<i>KPL</i>	25-Hul-2018	312,545	92,223	425,145	138,318.83
<i>Alamat ng Titi</i>	2-Agos-2018	122,000	44,000	143,076	61,815.2
<i>TIBOK</i>	22-Agos-2018	68,000	13,000	43,459	24,891.8
<i>DUGUANG SINGIT</i>	28-Agos-2018	85,000	16,000	73,090	34,818

<i>KPL 2: Resbak Kakak ni Mam</i>	12-Set-2018	295,002	64,174	269,288	157,116
<i>KOKAK (Kunwari OkAy Ka)</i>	19-Set-2018	25,000	1,700	15,682	10,595.5
<i>KPL 3: BOSSABOS</i>	26-Set-2018	387,423	65,015	311,619	191,014.25
<i>Alamat ng Flat-Ganern</i>	4-Okt-2018	11,000	2,100	4,257	5,785.67
<i>Mga Bagay na Hindi na Dapat Ipaalala</i>	10-Okt-2018	26,000	3,200	17,156	15,452
<i>KPL 4: HAGGUARD</i>	24-Okt-2018	384,619	32,622	265,923	227,721.33
<i>LABELLED LOVE PHILIPPINES</i>	14-Nob-2018	24,000	3,300	18,076	22,688
<i>Mga Bagay na Hindi na Dapat Ipaglaban</i>	28-Nob-2018	34,000	4,300	26,681	32,490.5
<i>SUPER TAMBAY</i>	5-Dis-2018	6,200	445	1,661	8,306
<i>Sa MayBahay</i>	8-Dis-2018	7,300	452	3,441	11,193
<i>KPL: No Rebound Philippines</i>	12-Dis-2018	84,000	8,700	76,896	169,596
<i>KPL 5: OFW Rant</i>	26-Dis-2018	25,930	2,858	13,494	42,282

*Ang estadistikang nakatala ay batay sa pinakahuling bilang na nakalap noong 31 Disyembre 2018.

**Ang kabuuang bilang ng reaksiyon, komento, at share, na hinati sa bilang ng buwan mula nang mailimbag ang maiikling pelikula.

Mula sa 25 na maiikling pelikula ng VinCentiments, partikular na pinili ng papel ang mga kabilang sa seryeng *Kung Puwede Lang (KPL)* na nailabas mula Hunyo hanggang Disyembre 2018. Binubuo ito ng anim na maiikling pelikula: ang (1) *KPL*; (2) *KPL 2: Resbak Kakak ni Mam*; (3) *KPL 3: BOSSABOS*; (4) *KPL 4: HAGGUARD*; (5) *KPL: No Rebound Philippines*; at (6) *KPL 5: THE OFW RANT*. Ito ang napiling teksto ng pag-aaral sapagkat kung sisipatin ang datos sa talahanayan, tanging ang maiikling pelikulang bahagi ng seryeng *KPL* lamang (maliban sa *KPL 5*) ang nakalikom ng 100,000 pataas na average na interaksyon kada buwan mula sa mga netizen. Isa itong indikasyon na sa lahat ng maiikling pelikula ng VinCentiments, ang seryeng *KPL* ang pinakatinatangkilik at nagkaroon ng malawak na interaksyon sa mga netizen.

Gayon man, upang mas maging komprehensibo ang papel, nilimitahan lamang ng mga mananaliksik ang pagsusuri sa apat na maiikling pelikula na may malinaw na komentaryo sa mga isyung panlipunan: ang (a) *KPL* at

(b) *KPL 2: Resbak Kakak ni Mam*, na kapuwa tumatalakay sa mga isyung may kaugnayan sa sistema ng edukasyon sa bansa (VinCentiments, 2018b; 2118c); ang (c) *KPL 3: BOSSABOS*, na nakatuon sa isyu at kalagayan ng mga Filipinong empleyado (VinCentiments, 2118d); at (d) *KPL 5: THE OFW RANT* na nakapokus sa isyu at hinaing ng mga OFW sa kanilang pamilya sa Pilipinas (VinCentiments, 2118e).

KPL (VinCentiments, 2018b). Umiikot ang istorya nito sa paglalabas ng hinaing at sama ng loob ng isang estudyante sa kaniyang guro matapos siyang pagalitan dahil sa hindi nagawang takdang-aralin. Ilan sa inilahad niya ang hindi makataong dami at bigat ng mga gawain sa klase. Gayon man, sa huli, ipinakitang hindi talaga ito nasabi ng mag-aaral at nakulong lamang sa kaniyang isipan.

KPL 2: Resbak Kakni Mam (VinCentiments, 2118c). Ito ang itinuturing ng VinCentiments na pantapat sa reklamo ng mga mag-aaral. Pagpapatuloy ito sa eksena ng naunang maikling pelikulang *KPL* na iginiit ng guro na alam niya ang tumatakbo sa isip ng kaniyang mga estudyante. Sinundan niya ito ng depensa sa mga hinaing na inilahad sa unang maikling pelikula.

KPL 3: BOSSABOS (VinCentiments, 2118d). Patungkol ang maikling pelikulang ito sa hindi pagpayag ng boss sa paalam ng kaniyang empleyado na umuwi nang maaga para sa kaarawan ng mister nito. Bilang tugon, inilabas ng empleyado ang mga kinikimkim niyang hinaing sa pamamalakad ng kaniyang boss. Ngunit sa huli, ipinakitang nasa isip lamang niya ito at hindi talaga nagawang masabi.

KPL 5: THE OFW RANT (VinCentiments, 2118e). Ipinasisilip ng maikling pelikulang ito ang kalagayan ng ilang Overseas Filipino Worker (OFW) sa pamamagitan ng pag-uusap sa video chat ng isang nanay na OFW sa kaniyang anak. Inilabas ng ina ang mga itinagong sama ng loob sa anak tulad ng kawalan nito ng pagpapahalaga sa lahat ng sakripisyong ginagawa niya sa ibang bansa. Gayon man, ipinakita sa wakas ng pelikula na hindi rin niya nagawang masabi ang mga ito.

Balangkas ng Pagsusuri

Gamit ang Pantawang Pananaw ni Rhoderick Nuncio (2002), sinuri ng papel ang kritisismo ng seryeng *KPL* pagdating sa mga paksang kanilang itinatampok. Tinitingnan ng Pantawang Pananaw ang kakayahan ng pagpápatawá bilang kritisismo at/o pagtuligsa sa mga isyu at tauhan sa lipunan. Sa pagpapaliwanag ni Nuncio:

Ang Pantawang Pananaw ay nangangahulugang tawa bilang kritika sa mga isyu at tauhan sa lipunan. Kung kaya't isang pagbasang kritikal ng kamalayan (pagsasanib ng damdamin

at isipan) ang pantawang pananaw, ng isang taong mulat sa nangyayari sa lipunan. Ang tawa bilang catharsis ay masasabing panandalian—isang comic relief. Ang Pantawang Pananaw ay nakakabit sa kamalayan at diwa ng mga Pilipino...Nakapaloob ito sa karanasan ng tawa bilang kritika, bilang pagtuligsa sa kapangyarihan at kaayusan sa lipunan na mababakas mula pa sa oral na tradisyon bago pa dumating ang mga Kastila hanggang sa paglaganap ng mass media ngayon. (p. 80-81)

Sa madaling sabi, may mga palabas o pagtatanghal na hindi lamang nagpapatawa kundi naglalahad din ng kritisismo. Tinatagos nito ang kamalayan at diwa ng mga tagapanood pagdating sa kanilang pagtingin sa mga isyu. Ginagamit ang pagpápatawá upang ikubli ang pagtuligsa at/o paghamon sa kapangyarihan at kaayusan ng lipunan. Binubuo ang Pantawang Pananaw ng limang elemento. Ito ay ang mga sumusunod: (1) midyum, (2) konteksto, (3) kontent o anyo, (4) aktor, at (5) manonood. Nakapaloob sa midyum ang lulan o daluyan kung saan nagaganap ang Pantawang Pananaw tulad ng panitikan, dula, at mass media. Ipinakikita ang mga ito batay sa kontent/anyo tulad ng kuwentong-bayan, drama, at impersonasyon. Ang mga aktor naman ang siyang nagtatanghal nito na tinatawag ding pusong,




Figura 1: Dayagram ng mga elemento ng Pantawang Pananaw (Nuncio, 2002)

aktor, komedyante, at impersoneytor. Kalimitang umiikot sa mga usaping panlipunan, pampolitika, at pang-ekonomiya ang konteksto nito.

Intertekstuwal at refleksibong maituturing ang Pantawang Pananaw. Ayon kay Nuncio (2002), nangangailangang maging bukas ng ilang teksto upang magamit sa pagpapakahulugan at pagkatuto sa mensahe o simbolo ng alinmang diskurso. Kaya naman, mahihinuhang naglalakbay ang Pantawang

Pananaw mula kuwentong-bayan hanggang kulturang popular. Sa paglalapat ng Pantawang Pananaw sa seryeng *KPL*, isinakonteksto ang “pananaw” bilang “kritika”—interpretasyon o pagbasa sa karanasan, teksto, kultura na inuunawa sa perspektiba ng kamalayan (pp. 79-80). Mula rito, tinangkang




Figura 2: Dayagram ng mga elemento ng Pantawang Pananaw batay sa teksto ng pananaliksik

isalaysay at/o ipaliwanag ang pahiwatig at kritisismong nakapaloob sa bawat maiikling pelikula.

Batay sa inilatag na mga elemento, Facebook ang magsisilbing midyum kung saan nagaganap ang Pantawang Pananaw. Ipinakikita ito sa kontent/ anyo na nagtatampok ng iba’t ibang uri ng pagpáatawá. Nakatuon ang




Figura 3: Balangkas ng pag-aaral na ibinatay mula sa prosesong nilikha ni Nuncio (2002) para sa impersonasyon

konteksto nito sa mga isyung panlipunan. Ang mga aktor naman ang kumakatawan sa tinig ng mga partikular na sektor.

Tinawag ang serye ng mga pelikulang ito bilang *KPL* o *Kung Puwede Lang* dahil ipinahahayag ng mga tampok na tauhan ang mga hinaing, reklamo, at mga bagay na hindi kayang direktang sabihin sa kapuwa. Gayundin, wala silang ginagayang sikat na karakter o tauhan sa lipunan.

Gumaganap sila bilang representasyon ng isang partikular na sektor tulad ng mga empleyado at OFW. Kung gayon, pumapasok ito sa kategoryang sinasabi ni Nuncio (2002) na subjek-kolektibong panggagaya. Sa kaniyang paliwanag:

Ginagawa ito upang tularan kung papaano mag-isip, makiramdam, at kung ano ang diwa ng pagkatao batay na rin sa pagbasa, pag-aaral o panonood sa taong ginagaya. Walang pisikal na pagkakatulad sa isang tao ang yugto ng panggagayang ito. Binibigyan ng katauhan sa kolektibong pananaw ang kolektibong karakter na maaaring tumukoy sa uring panlipunan, kasarian, katayuan, lahi, at iba pa. Halimbawa nito ay ang representasyon ni Donya Buding sa mga Pilipinong social climber, matapobre at mayabang dahil sa ipinagmamalaking kayamanan (kuno). Matatawag itong representasyon dahil kumakatawan hindi lamang sa isa kundi sa maraming mukha, katawan, at diwa. Nawawala ang kongkreto at pisikal na gaya. (p. 100)

Sa ganitong diwa, representasyon ang paraan ng pagbasa sa karakter ng mga tauhan sa seryeng *KPL* sa halip na impersonasyon. Gamit ang konsepto ng Pantawang Pananaw, inanalisa ng papel ang paggamit ng katatawanan bilang kritisismo ng serye. Partikular na ginamit sa pagsusuri ang Pantawang Pananaw dahil tulad ng nabanggit ni Nuncio (2002), hindi lamang ito nakakabit sa aspektong pandamdamin kundi nakataas din sa isipan, bilang isang kritikal na pagbasa na tumatarok sa kamalayan at kaisipang Filipino. Gayundin, isa itong pagtatanong sa katauhan, kaligiran, katawan, at kaayusang panlipunan bilang objek ng tawa at pagtuligsa.

Ginamit din bilang pansuportang lente ang ilang konsepto at pananaw ni Giseline Kuipers hinggil sa sosyolohiya ng pagpápatawá. Sa paliwanag ni Kuipers (2008), itinuturing na isang panlipunang penomenon ang pagpápatawá na bahagi ng pakikipag-ugnayan ng mga tao. Isa itong uri ng komunikasyon na hinuhulma ng kultura at panahong kinapapalooban nito. Ayon pa kay Kuipers (2008), may mga sosyolohikong perspektibang maiuugnay sa pagpápatawá tulad ng conflict approach at symbolic interactionist approach. Tinitingnan nito ang pagpápatawá bilang ekspresyon ng pakikibaka at pagsalungat. Nakapokus naman ang symbolic interactionist approach sa gampanin ng pagpápatawá sa pagbuo ng mga kahulugan at ugnayan sa panlipunang interaksyon. Sa pananaw ni George Paton (1988), maaaring magamit ang katatawanan sa diskusyon ng mga kahulugan sa malawak na varyasyon ng iba pang mga sensitibong paksa tulad ng mga opinyong politikal.

Ang mga Elemento ng Pantawang Pananaw sa mga Seryeng

Kung Pwede Lang (KPL)

Sa puntong ito, susuriin ng papel ang mga elemento ng Pantawang Pananaw ni Nuncio (2002) na matatagpuan sa apat na maikling pelikula ng seryeng *Kung Pwede Lang*: ang kontent at konteksto, aktor, midyum, at manonood.

I. Ang Kontent at Konteksto ng Pagpápatawá sa Seryeng KPL

Isa sa mga elemento ng Pantawang Pananaw ang kontent/anyo na nakatuon sa paraan ng pagsasagawa ng pagtatanghal. Maraming iskolar na ang nagsawa ng mga pag-aaral hinggil sa kategorisasyon ng pagpápatawá. Isa na rito ang artikulong inilathala nina Codruta Catanescu at Gail Tom (2001) na naglalahad ng pitong anyo ng pagpápatawá na kalimitang ginagamit sa telebisyon at imprenta: ang (1) “personification” o ang pagsasatao ng hayop, halaman, at mga bagay; (2) “exaggeration” o ang labis na paglalarawan sa mga bagay na malayo sa realidad; (3) “pun” o ang paggamit ng mga elemento ng wika upang makabuo ng nakatatawang kahulugan; (4) “sarcasm” o ang paglalahad ng mga kabalintunaang tugon na may layong mang-uyam sa pinatutungkulan; (5) “silliness” o ang pagsasagawa ng mga nakatatawang kilos bilang tugon sa mga nakalolokong sitwasyon; (6) “surprise” o ang pagpápatawá na mula sa hindi inaasahang sitwasyon; at (7) “comparison” o ang paghahambing ng dalawa o higit pang elemento upang makabuo ng nakatatawang sitwasyon. Mula sa mga ito, nasipat sa apat na maikling pelikula ng *Kung Pwede Lang* ang apat na anyo ng pagpápatawá na pinakanangibabaw rito: ang exaggeration, pun, sarcasm, at silliness. Kumuha ang mga mananaliksik ng mga pahayag sa bawat pelikula na nagpapakita ng mga anyong ito.

Matutunghayan sa naging pagsusuri na gumagamit ng iba’t ibang anyo ng pagpápatawá ang mga sinuring maikling pelikula na bahagi ng seryeng *KPL*. At dahil nasa estilo ng ranting o pagrereklamo ang paraan ng pagsasalita ng mga aktor, kapansin-pansin na umiinog ang mga pamamaraang ito sa panunumbat kaya may mga eksaherasyon at sarkastikong pahayag. Gayundin, ang pang-uuyam o pang-aasar tulad ng paglalaro ng mga salita, at paglikha ng nakatatawáng ekspresyon o kilos, upang ihayag ang mga bagay na kinaiinisan o ikinasasama ng loob ng tampok na tauhan sa taong kaniyang pinatutungkulan.

Bukod sa pagkilates sa anyo ng pagpápatawá, mahalagang masipat din ang konteksto o ang pinanggagalingan ng katatawanan. Para kay Nuncio (2002), karaniwang maiuugnay ito sa mga usaping panlipunan, pampolitika, at pang-ekonomiya, na siyang nagiging tampulan ng katatawanan at kritisismo sa isang pagtatanghal. Sinusuportahan ito ng pananaw ni Kuipers (2008) na isang panlipunang penomenon ang pagpápatawá. Isa itong uri ng

Talahanayan 2: Mga Anyo ng Pagpápatawá at Pahayag sa seryeng *Kung Puwede Lang (KPL)*

Pamagat at Karakter	Exaggeration	Pun	Sarcasm	Silliness
<p><i>KPL (Vin Cent iments, 2018b) – babaeng mag-aaral</i></p>	<p>(1) Tuwing nagpapa-xerox, naniningil ka ng 3 pesos kada page! Tang inang photocopy yan, san galing ang papel, sa puno ng cherry blossom sa Japan? 'Yong ink? Ink ng kauna-unahang octopus na naging takoyaki? (02:11-02:20) (2) Nakabase ang grades namin sa dami ng likes, sa views! Ano 'to? Bb. Pilipinas? Miss Universe? Project! Hindi pageant! (02:39-02:36)</p>	<p>(1) Kung makapag-PT ka, akala mo nagdodoktor na kami! Ano bang meaning ng PT sa'yo, Ma'am? Peni Tensiyal (01:31-01:36)</p>	<p>(1) Purgang-purga na ako! Mukha ba akong kulang sa carbohydrates? Sa sugar? (0:152-01:56) (2) Ipapauwi mo pa ang catalog ng Natasha at Avon. Anong akala niyo sa nanay ko? May collection ng bra at panty? Kumakain ng lipstick? (02:01-02:07)</p>	<p>(1) Paulit-ulit na pagkasabi ng "kakak ka nang kakak!" habang ginagaya ang hitsura ng guro (01:02-01:08) (2) Paghahampas ng sling bag sa likuran upang ipahiwatig na isang penetensiya ang dulot ng PT sa kamila. (01:37-01:44) (3) Paghuhubad ng damit ng mag-aaral para bigyang-diin na siya na rin ang magpapasuso sa mga anak ng kaniyang guro. (03:36-03:44)</p>
<p><i>KPL 2: Resbak Kakak ni Miam (VinCentiments, 2018d) – babaeng guro</i></p>	<p>(1) Ilan kayo sa isang classroom? Singkwenta! Ilang section ang hawak ko? Anim! Fifty times six? 300! 300! 300! Ano ako? Spartan?! Ahoo! Ahoo! (00:55-01:13) (2) Marami lang ang ipinapapasa. Feeling niyo pinapanan na sa inyo ang daigdig! (00:45-00:48)</p>	<p>(1) Hindi kayo mapakaling wala kayong ka-Monthsary! E kami nga minsan, walang monthly salary! (01:42-01:48) (2) Move-on, move on, mag-moving Up ka muna! (01:37-01:40)</p>	<p>(1) Kung makasumbat kayo sa mga ibinebenta ko. Ikinayaman ko ba 'yan? Nakapagpundar ba ako ng kabuhayan showcase? (01:48-01:54) (2) Anong malay ko sa deworming na 'yan? Deworming, deworming. DepEd ako! DepEd ako, hindi ako DOHI! Mga dep*ta kayo! (03:22-03-30)</p>	<p>(1) Pagsasayaw ng steps ng awiting Bboom Bboom ng Kpop group na Momoland upang maipakita ng guro na hindi naman niya ikinamatay ang requirements noong estudyante pa siya. (00:37-00:43) (2) Paghuhubad ng blusa ng guro upang bigyang-diin na kinakailangan pa ba niyang mag-porn star para lamang magkaroon ng motibasyon ang mga estudyante na mag-aral. (05:00-05:15)</p>

<p>KPL 3: BOSSABOS (VinCentiments, 2118d) – babaeng empleado</p>	<p>(1) Hanggang suso ko na ang baha, ang gusto mo suungin ko? Ano 'to salbabida? (02:50-02:53)</p>	<p>(1) Cancelled na ang lahat ng klase, pero ikaw ibang klase! (03:04-03:07) (2) Wala man lang tayong recreational activities. Lahat ng out of town, out of the country, OUTing inang 'yan, lahat wala! (03:17-03:22) (3) Ma'am, limitado lang ang energy ng workforce! Hindi kami laging force na force! Hindi kami G-force! (04:00-04:06)</p>	<p>(1) Anong gagawin mo sa carbonara? Kung gusto mo ihilamos mo sa mukha mo, sa maitim mong budhi para naman pumuti ka nang kahit konti! (00:39-00:45) (2) Ano ako? Si John Cena? You can't see me! Ibalibag kita e, ano ha? (02:12-02-16)</p>	<p>(1) Pagsasayaw sa himno ng awiting <i>Work ni Rihanna</i> upang ipahiwatig ang labis na pagtatrabaho (04:28-04:22) (2) Emosyonal na pag-awit ng kantang <i>Narito Ako na bersyon ni Regine Velasquez</i> upang iparating sa kaniyang boss na sana mapansin man lang ang pagtatrabaho niya nang maayos. (02:26-02:34) (3) Paghuhubad ng pang-itaas na damit ng empleyado para ipakitang sa opisina na lamang niya gagawin ang ipinangakong birthday sex sa asawa dahil hindi siya pinayagang umuwi nang maaga. (05:19-05:31)</p>
<p>KPL 5: THE OFWRANT (VinCentiments, 2118e) – nanay na OFW</p>	<p>(1) Nagiging close lang tayo kapag ganitong Pasko o New Year. Ito kasi ang Olympics ng mga OFW. T*ngina, todo perform kami! Makapagpadala lang ng pera sa inyo! (02:52-03:51)</p>	<p>(1) OFW ako anak! Overseas Filipino Worker. Hindi ako ATM—Ang Tanging Mahihingan! (02:32-02:39) (2) Lebron ka nang Lebron. E kung libro 'yan, kahit sampu pa! (01-07-01:10)</p>	<p>(1) Sweet ka lang kapag may kailangan ka! Plastikin mo naman ako anak! Gumaya ka naman sa mga kamag-anak natin. (01:11-01:17)</p>	<p>(1) Pag-awit ng linyang "the cold never bother me anyway" (mula sa kantang <i>Let It Go</i>) habang ipinakikita ang dibdib upang ipakitang naninigas na ang utong ng nanay sa lamig sa ibang bansa ngunit patuloy pa rin niya itong pinagtitiisan. (01:53-01:56)</p>

komunikasyon na nahuhubog batay sa lipunan at kulturang kinalalagyan nito. Kung gayon, may tinutuntungang usapin at/o paksain ang mga pagpápatawáng ito.

Sa kaso ng seryeng *KPL*, masisipat ang tatlong pangunahing paksang pinag-iikutan ng pagtatanghal ng Pantawang Pananaw: ang sistema ng edukasyon sa bansa; ang hindi makatarungang pagtrato at ekspektasyon sa trabaho sa mga empleyado; at ang sosyal at emosyonal na dulot ng migrasyon. Binalikan sa bahaging ito ang ilang pahayag na inilahad sa talahanayan 2 at sinipat ang mga isyung pinaghuugutan at/o pinanggagalingan ng mga tampok na karakter dito.

A. Sistema ng Edukasyon sa Bansa

Bagama't itinuturing na tapátan ng samot-saring sama ng loob ng mga estudyante at guro ang *KPL* (VinCentiments, 2018b) at *KPL 2: Resbak Kakak ni Mam* (VinCentiments, 2118c), sinasalamin ng pagtatalabang ito ang sinasabi ni Kuipers (2008) na pagpápatawáng may lakip sa suliraning pampolitika. Higit sa pagbabangayan ng mga tauhan, isa itong pasilip sa ilang isyung patuloy na iniinda ng sistema ng edukasyon sa bansa tulad ng kakulangan sa pondo. Mapapansin ito sa pahayag ng babaeng mag-aaral sa *KPL* kaugnay ng paniningil ng kanilang guro para sa pagpapa-xerox ng mga papel. Binatikos niya sa eksaheradong paraan ang halaga nito na tila nagmula pa sa puno ng cherry blossom sa Japan ang papel nito at sa kaunahanang Octopus na naging Takoyaki ang tinta nito. Gayundin, inilahad ng estudyante na purgang-purga na siya sa kung ano-anong produktong ibinibenta ng kanilang guro, na ginagamit pa minsang kapalit ng mga hindi naipasang gawain.

Bilang tugon, sarkastikong tinanong ng babaeng guro sa *KPL 2* (VinCentiments 2118c) kung ikinayaman ba niya ang pagbebenta niya ng mga produkto at kung nagawa ba niyang makapagpundar ng kabuhayan showcase. Nagbunga ng katatawanan ang interaksyong ito hindi lamang dahil sa ginamit na aparato tulad ng eksaheradong pahayag at sarkastikong tugon, kundi dahil sa kontekstong tinutuntungan ng pagtatanghal—ang kakulangan ng pondong ibinibigay sa Kagawaran ng Edukasyon (DepEd). Kung kaya, maging ang pagpapa-photocopy ng mga papel ay ipinasasalo sa mga mag-aaral. Sa katunayan, natapyasan pa ng mahigit PHP51.8 bilyon ang badyet ng DepEd para sa taong 2019 kung ikokompara sa nakuha nito noong nakaraang taon (Gulla, 2018).

Gayundin, lumutang sa dalawang maikling pelikula ang isyu kaugnay sa kawalan ng kahandaan ng pamahalaan sa transisyon sa bagong kurikulum. Isa sa nabanggit na usapin dito ang pagkuwestiyon ng babaeng estudyante sa ibinibigay na Performance Task (PT) ng kanilang guro, na isa sa kahingiang

bahagi ng bagong kurikulum. Pinaglaruan pa niya ang salitang ito at bumuo ng bagong kahulugan ng PT. Sa halip na Performance Task, inilahad niyang mas nararamdaman nila ito bilang “PeniTensiya” na nagpapahirap lamang sa buhay nilang mag-aaral. Binatikos din ng tauhan ang pagbatay ng ilang guro sa dami ng makukuhang “likes” sa Facebook bilang bahagi ng pagmamarka sa kanilang output. Iginiit niya na proyekto ang ginagawa nila at hindi pageant tulad ng Miss Universe na bahagi ng patimpalak ang bilang ng makukuhang likes. Idinagdag pa niya ang labis at sabay-sabay na pagbibigay ng mga gawain sa kanila, na inilarawan niya sa pag-arte na tila gina-gang rape ng patong-patong na kahingian sa klase.

Muli, bukod sa paggamit ng mga anyo ng pagpápatawá na binabanggit nina Catanescu at Tom (2001) na pun at silliness, nakasandal ang mga pagbibirong ito sa katotohanang talamak pa rin ang nararanasang problema sa pagpapatupad ng K+12. Sinasalamin nito ang pang-uuyam sa kawalan ng kahandaan sa transisyon ng bagong kurikulum kung kaya maraming mga gawain tulad ng PT ang hindi nabigyan ng malinaw na layunin. Sinusuportahan ito ng mismong pag-amin ng DepEd, sa pangunguna ni Kalihim Leonor Briones, na bukas sila sa pagrerebyu ng kasalukuyang kurikulum upang matugunan ang mga kakulangan nito (Hernaes, 2019).

Gamit ang mga uri ng pagpápatawáng ito, napasasaringan din ng mga tauhan ang mga nasa kapangyarihan (Kuipers, 2008). Isa na rito ang patuloy na panawagan nang pagtataas sa sahod ng kaguruan. Sa isang tagpo sa *KPL 2* (VinCentiments, 2118c), inilarawan ng tampok na tauhan ang sahod niya na kasinliit lamang ng tip sa restaurant. Hindi mang tuwirang binanggit, ito ang pinalalabas na rason sa pagbebenta ng kung ano-anong produkto ng guro. Gayundin, iginiit niya na pareho lamang sila ng kaniyang mga estudyante na dumaranas ng hirap. Binanggit niya rito ang pagkakaroon ng labis na bilang ng mga mag-aaral sa bawat klase na ikinompara pa niya sa pelikulang *300* (2017) dahil iisa lamang siya ngunit daan-daang mag-aaral ang hawak niya.

Nagkaroon din ng sarkastikong pahaging ang guro laban sa pamahalaan kaugnay sa pagbibigay ng mga gawaing labas na sa kaniyang obligasyon tulad ng pangangasiwa sa pagbabakuna, feeding program, at deworming. Iginiit niyang taga-DepEd siya at hindi mula sa DOH. Bukod sa dagdag na trabaho ito, wala pa silang natatanggap na insentibo. Tinatagos nito ang katotohanang nananatili pa ring underpaid ang kaguruan sa bansa sa kabila ng patong-patong na trabahong ibinibigay sa kanila. Patunay rito ang inilabas na datos noong 2019 kung saan mas mababa pa rin sa average na taunang suweldo ng mga guro sa Timog-Silangang Asya ang sahod ng mga guro sa Pilipinas na nasa \$18,160 lamang sa halip na \$27,742 (Matining, 2019).

B. Hindi Makatarungang Pagtrato at Ekspektasyon sa Trabaho

Kung nakapokus ang dalawang naunang maikling pelikula sa pagpapalutang ng mga suliraning may kaugnayan sa sistema ng edukasyon sa bansa, ipinakikita naman ng *KPL 3: BOSSABOS* (VinCentiments, 2118d) ang masalimuot na kalagayan ng mga empleyado. Natukoy ang ilang isyu tulad ng tila pagtingin sa kanila bilang mga mákináng umiikot lamang ang mundo sa walang humpay na pagtatrabaho. Masasalamín ito sa pagtanggap ng boss sa pakiusap ng kaniyang empleyado na uuwi nang maaga upang maipaghanda ng carbonara ang may kaarawang asawa. Mapapansin na ito rin ang naging mitsa sa paglalabas ng sama ng loob ng empleyado sapagkat ang mga okasyon tulad nito na lamang ang nakapagpaparamdam sa kaniya ng buhay na labas sa trabaho. Gayon man, maging ito ay ipinagkait ng kaniyang boss.

Kaugnay nito, iginiit ng empleyado sa kaniyang boss na may pakiramdam din siya at hindi isang robot na puro trabaho lang ang gusto. Ipinakita ito ng tauhan sa pamamagitan ng pagsayaw sa saliw ng awiting *Work* (2016) ni Rihanna at paghataw na parang G-Force upang bigyang-diin na mga empleyado sila at hindi mga mananayaw na kailangang laging bigay-todo. Binanggit din niya maging ang kawalan nila ng recreational activity sa kompanya na makatutulong sana sa pagbalanse ng trabaho. Naglabas pa ang tauhan ng tent para ipakitang kulang na lamang ay tumira sila sa opisina. Bukod sa walang tigil na pagtatrabaho, ikinasasama rin ng loob ng empleyado ang paraan ng pagtrato sa kaniya ng kaniyang boss na inihambing niya sa pagiging isang alipin. Sarkastiko niyang sinabi na kulang na lamang na lagyan siya ng tattoo sa noo na may nakasulat na “alipin” upang mas maramdaman ng kaniyang boss ang pang-aalipusta.

Bagama’t mabisa ang paggamit ng silliness at sarcasm bilang anyo ng pagpápatawá, nagkaroon ng lalim ang pagtatanghal bunsod ng kontekstong pinanggagalingan nito—ang masalimuot na kalagayan ng mga manggagawa sa bansa. Pinatutunayan ito ng inilabas na *Workers’ Right Index* ng International Trade Union Confederation noong 2018 kung saan hinirang ang Pilipinas bilang ikawalo sa listahan ng worst countries for workers sa buong mundo. Bunsod ito ng mga kaso ng karahasan sa mga empleyado, maging ng mapanikil na mga alituntunin ng bansa hinggil sa labor code.

Pagkatapos ng pagsasayaw, muling binanggit ng tauhan ang G-Force at iginiit na kahit “force na force” sila sa pagsayaw, sigurado naman ang kontrata nila. Hindi katulad ng mga empleyadong kagaya niya na kahit bigay-puwersa sa pagtatrabaho, tatlo hanggang anim na buwan lang ang tiyak na kontrata. Nakalikha ng katatawanan ang pagkokompara ng tauhan sa kaniyang estado at sa mga mananayaw ng G-Force sapagkat tumatalima ito sa katotohanang talamak at umiiral pa rin ang kontraktuwalisasyon

sa bansa (Goroy, 2019). Sa kabuuan, batay na rin sa ibinigay na titulo, tinatalakay ng maikling pelikula ang pambubusabos sa mga empleyado sa iba't ibang paraan at aspekto.

C. Sosyal at Emosyonal na Dulot ng Migrasyon

Sa pamamagitan ng pagtatampok ng isang nanay na Overseas Filipino Worker (OFW) na kinakausap ang kaniyang anak, napalutang ng *KPL 5: THE OFW RANT* (VinCentiments, 2118e) ang ilang isyu hinggil sa epekto ng migrasyon sa sosyal at emosyonal na kalagayan ng mga Filipinong manggagawa sa ibang bansa. Isa na rito ang labis na kalungkutan bunsod ng pag-iisa sa dayuhang bayan na pinalalala pa ng kawalan ng malasakit mula sa pamilya sa Pilipinas. Inilahad niya ito sa pamamagitan ng pagbibiro na nagiging sweet o malambing lamang ang kaniyang anak sa tuwing may okasyon o malapit na ang araw ng pagpapadala. Iginiit pa niyang Olympics kung ituring nila ang mga okasyon tulad ng Pasko. Doble ang pagkayod nila sa mga ganitong panahon sapagkat dito sila mas naaalala ng kanilang pamilya.

Kaya naman, inilahad niya na isa rin sa ikinasasama ng loob niya ang kawalan ng pagpapahalaga sa kaniyang mga ipinadadala. Ibinigay niyang halimbawa ang mga padalang Spam na ginagawa lamang pulutan ng kaniyang anak kasama ang mga barkada. Gayundin, inirereklamo ng tauhan ang walang patumanggang paghingi ng anak ng kung ano-anong luho tulad ng sapatos na Lebron. Nagbiro pa siya na kung libro sana, sampu pa ang bibilhin niya para sa anak. Iginiit din niyang OFW siya at hindi ATM o Ang Tanging Mahihingan. Masisipat dito ang hinaing ng tauhan na parang tinitingnan na lamang siya ng kaniyang anak bilang bangko na makapaglalabas ng pera sa lahat ng pagkakataon. Hindi na niya maramdaman ang pagtingin sa kaniya bilang isang nanay na piniling makipagsapalaran sa ibang bayan para matustusan ang pangangailangan ng anak. Kung kaya, iginiit ng tauhan na walang problema ang pagpapadala ng pera. Gayon man, hinihiling lamang niya sa kaniyang anak na iparamdam namang bahagi pa rin siya ng buhay nito at hindi isang ATM na naaalala lamang sa tuwing may kailangan.

Makikita rin ito sa tagpong nakikiusap ang nanay sa kaniyang anak na pagbutihan ang pag-aaral bilang sukli sa lahat ng paghihirap niya bilang OFW. Sinundan ito ng pahayag ng tauhan na ang tanging hangad lamang niya ay ang maging mabuti ang kalagayan ng anak sa Pilipinas, katumbas man ito ng paglimot sa kaniyang sariling kapakanan. Sa wakas ng maikling pelikula, masisipat na kabaligtaran ng mga naunang ipinahayag ng nanay na OFW ang sinasabi niya sa kausap na anak. Sinasalamin nito ang paggamit sa katatawanan bilang paglikha ng realidad na hinahangad na makamit sa sariling mundo (Davis, 1993; Kuipers, 2008).

Higit sa mga uri ng pagpápatawáng itinanghal ng tauhan, ipinasisilip nito ang mapait na realidad na madalas naisasawalang-bahala ang emosyonal at mental na kalagayan ng mga OFW. Bunsod ito ng pakiramdam nilang nakikita na lamang sila bilang mga tagapaglabas ng pera na parang ATM at hindi bilang kapamilyang nagsakripisyong magtrabaho sa malayong lugar upang matustusan ang pangangailangan ng mga ito. Maiuugnay ito sa pag-aaral ni Jojo Dass (2020) kung saan lumalabas na marami sa mga OFW ngayon ang nakararanas ng depresyon dahil sa iba't ibang salik tulad ng mga isyung may kinalaman sa asawa at problemang pinansiyal.

Tinatagos ng apat na maikling pelikula ang pananaw nina Donna Goldstein (2003) at Kuipers (2008) kaugnay sa kakayahan ng pagpápatawá na makapagbukas ng espasyo hinggil sa mga isyung malimit pag-usapan. Ginagamit ng seryeng *KPL* ang persona ng isang karaniwang manggagawa, estudyante, guro, at OFW upang mailahad sa iba't ibang uri ng pagpápatawá ang kani-kaniyang hinaing na hindi masabi sa kapuwa. Kasabay nito, nauangkat ang mga pang-araw-araw na pakikibaka ng mga nabanggit na sektor. Nariyan ang pagtitiis sa hindi makatwirang pagtrato ng boss sa kaniyang empleyado o ang pagsisikap ng isang OFW na labanan ang kalungkutan dulot ng pagkakawalay sa pamilya. Ang mga karanasang ito ang nagsisilbing tulay upang lalong makaugnay ang mga manonood sa pagtatanghal (Fine, 1983; Kuipers, 2008).

II. Ang Karakterisasyon ng mga Tauhan

Hindi maisasakatuparan ang Pantawang Pananaw kung walang mga aktor na magtatanghal nito. Sa kanila nakasalalay ang pagsasagawa ng katatawanan at paglalangka ng kritisismo ukol sa isang usapin o paksain. Sa ganitong diwa, tatalakayin sa bahaging ito ang karakterisasyon ng mga tampok na tauhan sa apat maikling pelikula ng seryeng *KPL*. Kabilang dito ang pagtukoy sa mga katangiang lutáng sa mga aktor, maging sa paraan nila ng pagtatanghal ng Pantawang Pananaw.

A. Paggamit ng mga Hindi Kilalang Aktor

Kung sisipatin ang apat na maikling pelikula ng *KPL*, maisasakategorya ang mga ito sa sinasabing subjek-kolektibong panggagaya ni Nuncio (2002). Kaiba sa impersonasyon, walang ginagaya o sangkot na kilalang personalidad dito. Sa halip, kinakatawan ng ganitong uri ng pag-arte ang kolektibong danas ng lipunan o ng isang partikular na sektor. Kung gayon, matatawag ito bilang representasyon sapagkat sumasaklaw ito sa maraming mukha, katawan, at diwa (p. 100). Sa ganitong paraan, numinipis ang ugnayang nagdudugtong sa palabas at sa manonood. Mas nabibigyang-

diin ang naratibo ng istorya higit sa pagpapalutang sa mga aktor o aktres na gumaganap (Kim et al., 2017). Sa pamamagitan ng paglalahad ng mga karakter at sitwasyong lapit sa karniwang danas, madaling nakapapasok ang manonood sa istorya.

B. Monologong Pag-arte

Bagama't may kaunting interaksyon sa simula at wakas ang maiikling pelikulang ito, nakatuon pa rin ang mayorya nito sa solong pagsasalita ng tampok na tauhan. Bahagi ito ng paglikha ng seryeng *KPL* ng panandaliang ilusyon na may kakayahan ang isang pangkaraniwang tao na banggain ang nakaangat o nakatataas sa kaniya, tulad ng babaeng empleyado sa kaniyang boss sa *KPL 4*. Kahit nanatiling nasa isip lamang ito ng mga tampok na tauhan, nagawa niyang maipahayag ang kaniyang mga sama ng loob nang tuloy-tuloy at walang pangongontra mula sa pinatutungkulan niya. Maiuugnay ito sa pagkilala ng ilang iskolar sa subersibong potensyal ng pagpápatawá. May kakayahan ito na magamit bilang sandata ng pagtutol at pagtuligsa sa mga nasa kapangyarihan, lalo na ng mga walang bose sa lipunan (Scott, 1985; Kuipers, 2008). Nililikha ng mga pagpápatawáng ito ng seryeng *KPL* ang isang huwad na mundo kung saan may laya ang mga taong gawin ang mga hindi maisakatuparan sa realidad. Kabilang dito ang panlalait at/o pangungutya sa mga nasa kapangyarihan nang walang pumipigil o kumontra sa kanila.

C. Paglalaro ng Wika

Bilang nakaangkla ang tema ng seryeng *KPL* sa paglalabas ng samot-saring hinaing sa paraang ranting o pagrereklamo, sa ganitong paraan din gumaganap ang mga tampok na tauhan. Walang sensura sa paggamit ng maseselang salita at pagmumura. Sa kabilang banda, mainam ding tingnan ang talamak na paglalaro sa linya ng mga aktor. Isang halimbawa ang pagbuo ng nanay na OFW sa *KPL 5* (VinCentiments, 2118e) ng bagong kahulugan ng ATM. Sa halip na Automated Teller Machine, tinawag niya ito na “Ang Tanging Mahihingan,” bilang paglalarawan sa kung paano siya tingnan ng kaniyang anak at kaanak sa Pilipinas. Ganito rin ang ginawa ng tauhang estudyante sa *KPL 1* kung saan nilapatan niya rin ng bagong kahulugan ang PT. Sa halip na Performance Task, ginawa niya itong “PeniTensya” bilang paglalabas ng hinaing sa pahirap na dulot ng PT para sa kaniya bilang mag-aaral. Ang ganitong paghawak at paglalaro sa wika ang isa sa maituturing na dahilan kung kaya nakuha ng seryeng *KPL* ang kiliti ng maraming netizens.

D. Paglalangkap ng mga Popular na Paraan ng Pagpápatawá

Napatingkad din lalo ang pagtatanghal ng mga tauhan dahil sa paglalangkap ng serye ng mga popular na porma ng pagpápatawá, partikular

na sa mga Filipinong manonood. Nariyan ang pagpasok ng mga linyahang “hugot” na muling binuhay ng pelikulang *That Thing Called Tadhana* (2014) ni Antoinette Jadaone (Manalastas, 2019). Isang halimbawa nito ang tagpo na makikita sa *KPL 2* (VinCentiments, 2118c) na ipinahayag ng guro ang sumusunod na mga linya, “Hindi kayo mapakaling wala kayong Monthsary! Eh kami nga! Minsan walang monthly salary!” (01:42-01:48). Bagama’t nakatatawáng pakinggan, sinasalamin nito ang hugot ng mga guro sa mapait na realidad na hanggang ngayon ay may mga pagkakataon pa ring nahuhuli ang pasahod sa kanila (Patag, 2019).

Bukod dito, masisipat din ang paggamit ng serye ng *pick-up lines* bilang aparato ng pagpápatawá. Matatandaang sumikat ito nang magkaroon ng segment na *Pick-Up Lines Battle* ang *sitcom* na *Bubble Gang* at hinango nila ito sa papausbong pa lamang noon na FlipTop Battle League. Ngunit sa halip na panunuya, pinalitan nila ito ng pagbibitaw ng nakakikilig na linya. Kung sisipatin ang mga sinuring maiikling pelikula, talamak ang ganitong uri ng pagpápatawá. Isang halimbawa ang tagpo sa *KPL 5* (VinCentiments, 2118e) na ipinahayag ng nanay na OFW ang sumusunod na mga linya, “Photographer ka ba anak? Kuha ka nang kuha sa’kin e. Dentist ka na ba? Kapag nagkikita tayo, kahit online, napapabunot ako nang napapabunot” (01:29-01:38). Sa bahaging ito, iniugnay ang pagkuha ng larawan ng mga photographer at pagbunot ng ngipin ng mga dentista bilang pick-up line sa paglalagat ng hinaing ng ina kaugnay sa pagiging palahingi ng kaniyang anak.

Lantad din sa serye ang pagpápatawáng maihalalintulad sa popular na “Vice Ganda jokes” o ang pamimilosopo at pagbabato ng nakatatawáng hirit. Isa sa halimbawa nito ang eksena sa *KPL* (VinCentiments, 2018b) na inilalahad ng estudyante ang sumusunod na mga linya, “saan galing ang papel, sa puno ng cherry blossom sa Japan? ‘Yong ink? Ink ng kauna-unahang octopus na naging takoyaki?” (02:15-02:20). Ipinakikita sa bahaging ito ang pamimilosopo ng babaeng estudyante sa napakamahal na singil ng kanilang guro sa pagpapa-photocopy ng mga papel para sa klase. Ginamit ang pamimilosopong hirit upang bigyang-diin ang hindi makatwirang paniningil ng kanilang guro. Matutunghayan din ito sa *KPL 3* (VinCentiments, 2118d) na sinabi ng babaeng empleyado ang sumusunod na mga linya, “Ako! Hindi mo ‘ko nakikita! Ano ‘ko? Si John Cena? You can’t see me?” (2:07-02:14). Kaugnay ito ng kawalan ng pagpapahalaga ng kaniyang boss sa ginagawa niyang trabaho.

E. Paghuhubad ng Katotohanan

Sa apat na maikling pelikulang sinuri, mapapansin na kapuwa nagkakapareho ang mga ito sa paggamit ng kababaihan bilang protagonista: babaeng estudyante sa *KPL*; babaeng guro sa *KPL 2: Resbak Kakak ni Mam*;

babaeng empleyado sa *KPL 3: BOSSABOS*; at nanay na OFW sa *KPL 5: THE OFW RANT*. Ang paggamit ng babae bilang behikulo sa paglalabas ng hinaing ng bawat sektor na kinakatawan sa maiikling pelikula ay hindi lamang salamin ng paniniil sa boses ng partikular na kasarian, kung hindi isa ring alegorya ng tunggaliang panlipunan, na kadalasang pumapabor sa mas malakas na puwersa (Kimuell-gabriel, 2017). Nariyan ang bulok na sistema ng edukasyon sa bansa na nagpapahirap sa mag-aaral at kaguruan; ang ganid na kapitalismong nananamantala sa mga empleyado at manggagawa; at ang pag-uudyok ng pamahalaan sa labor export sa halip na paglikha ng lokal na trabaho.

Sa kabilang banda, bagama't maikakabit ang talamak na paghuhubad ng mga tauhan sa layunin ng *VinCentiments* na lalong makaagaw ng pansin ng mga netizen, maaari din itong maiugnay sa konsepto ng “loob” at “kapuwa” ng mga Filipino. Ang paghuhubad na ginagawa ng mga tampok na tauhan ay paglalantad din ng “loob” at/o “kalooban” patungo sa “kapwa.” Sa paliwanag nga ni Jeremiah Reyes (2013), “Ngayon kapag nakikita ko ang loob ng tao, nakikita ko hindi lamang ang loob niya, pero kadalasan pati na rin kung anong klaseng loob mayroon siya—patungo sa akin at sa ibang tao” (p. 8). Kung kaya, mapapansin na sa tuwing nagbabalik sa realidad ang mga karakter sa dulo ng bawat ng maiikling pelikula, muli silang nagkakasaplot. Isa itong hudyat sa muling pagdadamit ng mga saloobing naunang naipahayag. Sinasalamin din ng ganitong akto ang pagpapakita ng “lakas ng loob” na mailahad ang mga bagay na hindi kayang sabihin. Ngunit sa huli, nilalamon pa rin ang mga tauhan ng sariling “hiya” o sa mga salita ni Reyes (2013), “ang paglaban sa natural na inklinasyon na isipin lamang ang sarili, upang isipin ang kapakanan ng kapwa” (p. 21). Sa madaling sabi, mas pinahalalagan pa rin ang sasabihin o magiging reaksiyon ng kapuwa kaysa paglalahad ng totoong saloobin. Ito marahil ang rason kung kaya bumebenta sa karamihan ng mga netizen ang pagtatanghal sa kabila ng usapin ng kaangkupan nito lalo na kung ikokonsidera ang pagkakaroon nila ng mga kabataang tagatangkilik.

III. Ang Facebook Bilang Midyum ng Pantawang Pananaw

Inilalarawan ni Nuncio (2002) ang midyum bilang lulan o daluyan kung saan nagaganap ang Pantawang Pananaw. Ilan sa mga ibinigay niyang halimbawa rito ang dula, panitikan, at mass media, kung saan pumapasok ang maiikling pelikula ng *VinCentiments*, partikular na sa espasyo ng social media. Kaiba sa pelikula at dula, libre itong mapapanood kahit saan at kahit anong oras sa anumang gadyet na may Facebook. Hindi ito nalilimitahan ng oras ng *screening* at espasyo ng sinehan o entablado na kinakailangan pang sadyain.

Sa kabilang banda, kung ikokompara naman sa iba pang midyum ng mass media na tinukoy ni Nuncio (2002) tulad ng radyo at telebisyon, mas malawak ang naaabot na tagapanood ng social media, partikular na sa Facebook. Bagama't palasak na ang pagtaguri sa *social media* bilang isa sa pinakamaimpluwensiyang *platform* sa bansa, patuloy pa rin ang paglawak at pagdami ng tagapagtangkilik nito. Patunay rito ang huling ulat ng *We Are Social* at *Hootsuite* kung saan natamo ng Pilipinas ang pinakamahabang average na iginugugol ng isang netizen sa social media na nasa apat na oras at labing-limang minuto kada araw (Mercurio, 2021).

Kung kaya, marami sa mga tulad ng VinCentiments ang nagkakaroon ng pagkakataon na maging trending o viral, lalo na kung isasaalang-alang ang umiiral na algorithm ng Facebook para sa mga post na umaani ng maraming reaksiyon. Habang nadaragdagan ang interaksyon ng isang post sa mga netizen, patuloy rin sa paglawak ang "reach" o nararating nito. Sa katunayan, mula nang buuin ng VinCentiments ang kanilang Facebook page noong Mayo 2018, lumobo na sa 4.1 milyon ang tagatangkilik nila (VinCentiments, n.d.). Malaking bagay ang mga bilang na ito sapagkat nagsimula ang kanilang pangkat na walang kasamang kilalang personalidad o aktor. Ngunit dahil sa isa nilang *viral post*, lumawak ang kanilang tagapanood.

Bukod sa mga nabanggit, mahalagang masipat din ang pagpili ng VinCentiments sa paglikha ng maiikling pelikula sa halip na pelikulang may ganap na haba (full-length film) o "vlog" (video blog). Batay sa inilathalang pag-aaral ng University of Denmark (TUD), patuloy nang umiikli ang attention span ng mga tao, partikular na sa social media. Sa kanilang paliwanag, dahil sa bulto-bultong impormasyong makikita sa espasyong ito, pumipili na lamang ang mga netizen ng mga bagay na pagtutuonang panoorin o basahin. At kalimitan, ang mga ito ay nasa pormang kagyat o madalian lamang tulad ng meme, maikling istatus, o maikling video (McClinton, 2019). Ito rin ang dahilan kung bakit nakikita na ngayon ang mga artikulong online na may nakalagay halimbawa na "9 min read" upang maabisuhan agad ang mga netizen na ganitong oras lamang ang gugugulin sa pagbabasa ng kanilang balita.

Kung gayon, naging epektibo ang paggamit ng maikling pelikula sapagkat mas napananatili ng ganitong haba ang pokus ng mga netizen kung ikokompara sa pelikulang may ganap na haba na kalimitang tumatagal ng isa't kalahating oras. Ito rin marahil ang rason sa paraan ng pag-edit sa mga maiikling pelikulang *KPL* na pinuputol ang pagitan ng mga diyalogo at nagmukhang pinagtagpi-tagping mga tagpo. Isiniksik ang pagbibitaw ng mga linya kung kaya nasa pagitan lamang ng apat na minuto hanggang pitong minuto ang haba ng mga ito. Sa ganitong paraan, madaling napupukaw ng maiikling pelikulang ito ang atensiyon ng kanilang mga tagatangkilik.

IV. Ang Reaksyon at Komento ng mga Netizen sa Pagtatanghal

Isa sa mahalagang salik ng Pantawang Pananaw ang pagsipat sa reaksiyon ng tagapanood sa naging pagtatanghal ng mga aktor. Ayon kay Nuncio (2002), ang mga tagapanood ang makapaghuhusga kung naging matagumpay ang isang pagtatanghal. At dahil ang midyum ng pagtatanghal ay nasa espasyo ng social media, partikular na sa Facebook, ginamit bilang batayan ng pagtatasa sa resepsiyon ng mga manonood o netizen ang natanggap na reaksiyon at komento ng maiikling pelikula.

Gayon man, mainam na magkaroon ng maikling talakay sa dinamiko ng mga reaksiyong matatagpuan ngayon sa Facebook at ang pagkakaiba ng indikasyong ipinararating ng mga ito. Sa artikulo ni Matamoros-Fernández (2018), inilahad niyang nagkaroon ng komplikadong pagkilates sa paraan ng pagtanggap ng mga netizen sa isang post, ang pagdating ng mga bagong reaksiyon na “heart react,” “laugh react,” “angry react,” “love react,” at “sad react.” Nang limitado pa lamang ito sa like react, mayroon lamang dalawang paraan para basahin ito. Ang pag-like ay masasabing pagpapakita ng pagsuporta o pagkagusto sa isang post. Samantala, ang paraan ng pagtutol o hindi pagkagusto rito ay maipakikita sa hindi pag-like o direktang paglalahad ng opinyon sa comment box.

Gayundin, nagkaroon ng pagkalito sa linyang naghahati sa kahulugan ng like react at love react. Sa pananaw ni Drew Kozub (2016), bunga ng pagpasok ng mga bagong reaksiyon, maaari na lamang ituring ang like reaction bilang indikasyong nakuha ng post ang atensiyon ng isang netizen. Sinesegundahan ito ng pahayag ni Chelsea Hunerson (2017) na kung ikokompara noon, nabawasan na ng halaga ang pagtingin sa like reaction bilang batayan ng positibong resepsiyon sa isang post. Ang pag-ani ng maraming like reaction ay hindi na lamang maikakahon sa maganda at/o positibong pagtanggap ng mga netizen. Maaaring tingnan lamang itong indikasyon na napukaw ng isang post ang atensiyon ng mga netizen. Hindi katulad ng love react na tahasang nagpapahayag ng masidhing emosyon ng pagkagusto at/o pagsuporta.

Ang mga ideyang ito ang nagluwal sa pamantayang binuo ng papel sa pagsusuri ng reaksiyon ng maiikling pelikula ng *KPL*. Titingnan ang laugh react bilang sukatan ng antas ng katatawanang nalikha ng serye. Samantala, ang love react naman ang indikasyon ng tahasang pagkagusto ng mga netizen sa pagtatanghal. Ituturing naman ang like react bilang bukas na reaksiyon na maaaring tingnan bilang batayan ng pagpukaw ng atensiyon, mas mababaw na lebel ng pagkagusto o anumang interpretasyon na maaaring masipat batay sa konteksto ng post. Ang iba pang reaksiyon ay titingnan batay sa hayag nitong kahulugan tulad ng angry react na nagpapakita ng galit o hindi pagsang-ayon, sad react na nagpapahayag ng pagkalungkot, at wow react na




Figura 4: Breakdown ng reaksyon ng mga netizen sa maikling pelikula na *Kung Pwede Lang (KPL)*




Figura 5: Breakdown ng reaksyon ng mga netizen sa maikling pelikulang *KPL 2: Resbak Kakak ni Mam*

nagsasaad ng pagkagulat (sa positbo o negatibo mang paraan). Tingnan ang sumusunod na mga pigura na naglalaman ng breakdown ng natanggap na reaksiyon ng bawat maikling pelikulang sinuri.

Kapansin-pansin mula sa datos na laugh react ang mayoryang natanggap na reaksiyon ng apat na maikling pelikula. Gayundin, ang signipikong agwat nito sa sumunod na nangunang reaksiyon na like. Sinasalaming ng mga bilang na ito ang paghuli ng seryeng KPL sa kiliti ng mga netizen. Kung katatawanan ang pag-uusapan, walang duda na nagtagumpay ang serye sa paglikha nito. Sumunod dito ang like react na kung pagbabatayan ang inilatag na pamantayan ay nangangahulugan ng lebel ng atensiyong nakuha ng maikling pelikula mula sa mga netizen. Pinagtitiyay ito ng empirikal na datos na matatagpuan sa talahanayan 1 na nagpapakitang ang seryeng




Figura 6: Breakdown ng reaksiyon ng mga netizes sa maikling pelikulang *KPL 3: BOSSABOS*




Figura 7: Breakdown ng reaksiyon ng mga netizen sa maikling pelikulang *KPL 5: THE OFW RANT*

KPL ang nakatanggap ng pinakamataas na average na interaksyon mula sa maikling pelikula ng *VinCentiments*. Samantala, love react naman ang pumangatlo, maliban sa *KPL 5* na nahigitan ng sad react. Ang kaibahang ito ay maaaring maiugnay sa konteksto ng *KPL 5* na tumatalakay sa paglalabas ng sama ng loob ng isang nanay na OFW sa kaniyang anak. Bagama't kinapalolooban ito ng mga pagpápatawá sa kabuuan, marami pa rin ang nakaramdam ng kalungkutan na maaaring ikonekta sa mapait na realidad na inilatag dito tulad ng emosyonal na epekto ng migrasyon. Samantala, ang wow react at angry react ay umani lamang ng maliit ng bahagdan sa reaksiyon.

Sa kabilang banda, mahalagang masipat din ang mga nangungunang komento sa bawat maikling pelikula upang masuri ang pintig ng mga

netizen higit sa katatawanang nilikha ng mga ito. Para sa *KPL 1*, bagama't nakatanggap ito ng maraming laugh react at like react, masisipat na naging hati ang opinyon ng mga netizen sa mensahe ng maikling pelikula batay sa mga komento rito. May nakaugnay sa sentimyento ng tampok na tauhan at nagkomento ng, "I find this video reflective of the exact sentiments of our students. Sobrang daming pinagapagawa – assignments, projects, readings, etc" (Peñol, 2018, para. 1). Mayroon namang netizen na hindi nagustuhan ang paglalarawan ng maikling pelikula sa kaguruan at nagkomento ng, "Sadly, degrading for teachers. They have a point but kids of this generation have absolutely no idea to the side and struggles of teachers" (Villaflor, 2018, para. 1). Mayroon ding nagpunto na repleksyon ito ng sistema ng edukasyon sa bansa at nagkomento ng, "Isa sa mga realidad ang pinakita sa video, ang sistema ng edukasyon ang umpisahang baguhin dahil ang daming dinedemand ng sistema, domino effect na" (Macaraeg, 2018, para. 1). Sa kabilang banda, may nagpahayag naman ng pagkabahala sa maaaring maging epekto ng maikling pelikula at nagkomento ng, "Naku, this isn't a good example sa kids ngayon. It'll trigger rebellion" (Carlo, 2018, para. 1).

Kung magkakaiba ang naging pananaw sa naunang maikling pelikula, kakikitahan naman ng pagsuporta sa sentimyento ng tauhang guro ang mayorya ng mga komento sa *KPL 2*. Mayroong ikinabit ito sa pagdiriwang ng Buwan ng mga Guro at nagkomento ng: "Feeling ko ang sarap mag-celebrate ngayon ng Teacher's Day because now there's something that proves that teachers were still appreciated" (Havana, 2018, para. 1). Mayroon namang pumuna sa estilo ng pagpápatawá sa dalawang maikling pelikula at nagkomento ng, "Though I do not condoned the first student video, this one is not acceptable too. There's a specific way of expressing this emotions, in a proper and professional way." (Payawal-Monding, 2018, para. 1).

Bagama't nakatanggap ng maraming laugh react ang *KPL 3* gaya ng mga naunang maikling pelikula, naging hati rin ang opinyon ng mga netizen sa comment section. May naaliw sa pagganap ng tauhan at nagkomento ng, "Ito ang tunay na artista. Marunong talaga umarte, hindi lang pa-cute at pakilig" (Thompson, 2018, para. 1). Samantala, marami ding pumuna sa naging asal ng tauhan at may nagkomento ng, "I just find it inappropriate kung paano siya nagpaalam" (Cubillo, 2018, para. 1). Sa kabilang banda, nagtatalaban naman ang tawa at lungkot sa mga komento ng mga netizen sa *KPL 5*. Marami ang nagpahayag ng pagkaaliw at pagkalungkot sa maikling pelikula gaya ng isang komento na, "Funny how it can make you laugh while being teary eyed. Harsh reality delivered in a very witty way" (Gatchalian, 2018, para. 1). Mayroon ding ilang OFW na nakaugnay sa tauhan at nagkomento ng, "Kamustahin niyo din kaming mga OFW! Naghihirap din kami at nangungulila!" (Manamtam, 2018, para. 1). Bagama't hindi

maikakailang nakalikha ng katatawanan ang seryeng *KPL* batay sa bulto ng natanggap nitong laugh react, masisipat mula sa mga komento na marami sa mga netizen ang nagkaroon ng puna sa pagtatanghal. Kabilang dito ang paninigaw at pagmumura ng mga tauhan na maaaring magkaroon ng negatibong implikasyon sa mga kabataang tagapanood ng VinCentiments.

Kongklusyon

Bagama't maituturing ang katatawanan bilang isang anyo ng aliw, masisipat mula sa pagsusuri ang pagtatangka ng seryeng *KPL* na higitan ang kakayahan nito bilang pangngiliti lamang ng damdamin: Una, bilang espasyo ng diskurso, partikular na sa mga isyung malimit pag-usapan tulad ng hinaing ng isang nanay na OFW sa kaniyang anak o ng estudyante sa kaniyang guro (Goldstein, 2003; Kuipers, 2008); Ikalawa, bilang pagbuo ng realidad na nais mangyari sa sariling mundo tulad ng paghahayag ng tauhan sa *KPL 5* ng mga bagay na nais niyang maiparamdam sa kaniya ng anak (Davis, 1993; Kuipers, 2008); at Ikatlo, bilang sandata ng pagpiglas at/o pagbangga sa mas nakatataas na puwersa tulad ng sistema ng edukasyon at kapitalismo (Speier, 1998; Nuncio, 2002; Kuipers, 2008).

Kung pagbabatayan ang dami ng mga reaksyon at interaksyong natanggap ng VinCentiments sa kanilang seryeng *KPL*, masasabing nagtagumpay ang kanilang pagtatanghal na makuha ang atensyon ng mga netizen. Base sa pagsusuri sa estilo ng kanilang pagpápatawá, masisipat na rason dito ang paghahain nila ng probokatibong mga pagtatanghal na nilalangkapan ng paghuhubad, pagmumura, at paglalaro sa wika ng mga tauhan. Gayundin ang paggamit nila sa konsepto ng 'kung puwede lang' bilang aparato ng paglalabas ng mga kalimitang reklamo at/o hinaing na hindi masabi nang direkta sa kapuwa.

Gayon man, kung ang kritisismo ng kanilang pagtatanghal ang pag-uusapan, masasabing nagkaroon ng kakulangan ang VinCentiments na makaalpas sa paggamit ng katatawanan higit sa pangngiliti ng damdamin. Sinasalamatin ito ng mga punang natanggap ng bawat maiikling pelikula mula sa komento ng mga netizen sa kabila ng bulto ng laugh react na nakuha ng mga ito. Isang interesanteng punto kaugnay sa Pantawang Pananaw na bagaman may kakayahan ang pagpápatawá na magamit bilang lunsaran ng kritisismo, mahalagang masipat pa rin ang linyang naghihiwalay sa pagtatanghal na purong katatawanan at katatawanan may lalim at laman.

References / Mga Sanggunian

- Ancheta, M. R. G. (2017). *Halakhak: National humor in Philippine popular culture forms*. University of the Philippines Press.
- Arias, J. (2018, August 20). 'Virgin Marie' is harmful portrayal of child rape accusations. *Inquirer: Movies*.
- Balmores-Paulino, R. (2018). An exploration of the schema and function of humor. *Israeli Journal for Humor Research*, 7(2), 43-63. http://www.israeli-humor-studies.org/media/4-an_exploration_of_the_schema_and_function_of_humor-r_s_balmores_paulino.pdf?fbclid=IwAR3FG2wBM0SfHexxLorlpnX1m6kgIUaKHMCD-SMmHLict8L1ii21VU2cwE
- Catanescu, C. & Tom. G. (2001). Types of humor in television and magazine advertising. *Review of Business*, 22(1), 92-95. Gale Academic OneFile. <https://go.gale.com/ps/anonymou?id=GALE%7CA76941382&sid=googleScholar&v=2.1&it=r&linkaccess=abs&issn=00346454&p=AONE&sw=w>
- Cayetano, S. (2018, November 22). EXCLUSIVE: Get to know Darryl Yap, the man behind the viral Facebook page 'Vincentiments'. *Pika pika*. <https://www.pikapika.ph/pikadaily/exclusive-get-to-know-darryl-yap-the-man-behind-the-viral-facebook-page-vincentiments>
- Cubillo, C. (2018). I just find it inappropriate kung paano siya nagpaalam [Facebook comment]. Retrieved from <https://www.facebook.com/1674849226154795/videos/2214808372131370>
- Dass, J. (2020, February 1). Depression among OFWs: 'The struggle is real'. *Rappler*. <https://www.rappler.com/nation/250126-depression-among-ofws-struggle-real>
- Davis, M. S. (1993). *What's so funny? The Comic Conception of Culture and Society*. Chicago: University of Chicago Press.
- Fine, G. A. (1983) Sociological aspects of humor. In Goldstein and McGhee (eds.), *Handbook of Humor Research*, pp. 159-182. Springer.
- Frates, E. P. (2014). The laughter prescription: A tool for lifestyle medicine. *American Journal of Lifestyle Medicine*, 10(4), pp. 1-5. SAGE Publications.
- Gabinete, J. (2020, January 19). Pastor Apollo Quiboloy, aminadong kukutyain ang hiling na matigil ang Taal eruption. *Pep.ph*. <https://www.pep.ph/pepalerts/cabinet-files/148823/pastor-apollo-quiboloy-aminadong-kukutyain-ang-hiling-na-matigil-ang-taal-eruption-a734-20200119>
- Galang-Pereña, F. P. (2019). The Impressionist Act of Willie Nepomuceno: Satire as Political Testimony and Crux of Collective Memory. *Proceedings of the 12th DLSU Arts Congress*.
- Galvez, D. (2019, November 1). Quiboloy: 'I yelled at the Mindanao quake to stop, it stopped'. *Inquirer.net*. <https://newsinfo.inquirer.net/1184576/quiboloy-says-he-must-be-thanked-for-stopping-mindanao-quake>
- Garcia, V. (2019, November 20). Jokes, flak on SEA Games' P55-million 'Kalderong Ginto' conquers social media. *Inquirer.net*. <https://newsinfo.inquirer.net/1191974/jokes-on-sea-games-p55-million-kalderong-ginto-conquer-social-media>
- Goldstein, D. M. (2003) *Laughter out of place: Race, class, violence and sexuality in a Rio shantytown*. University of California Press.
- Gatchalian, C. (2018). Funny how it can make you laugh while being teary eyed. Harsh reality delivered in a very witty way [Facebook comment]. <https://www.facebook.com/1674849226154795/videos/857965357913194>

- Goroy, M. G. (2019, March 26). Contractualization and the rights of workers. *Rappler*. <https://www.rappler.com/voices/imho/contractualization-workers-rights>
- Gulla, V. (2018, August 30). Lawmakers sound alarm on 'massive cuts' in education budget. *ABS-CBN News*. <https://news.abs-cbn.com/news/08/29/18/lawmakers-sound-alarm-on-massive-cuts-in-education-budget>
- Havana, M. (2018). Feeling ko ang sarap mag-celebrate ngayon ng Teacher's Day because now there's something that proves that teachers were still appreciated [Facebook comment]. <https://www.facebook.com/1674849226154795/videos/232224020976193>
- Hernaez, J. (2019, October 19). DepEd, bukas sa panukalang i-review ang K to 12 program. *ABS-CBN News*. <https://news.abs-cbn.com/news/10/21/19/deped-bukas-sa-panukalang-i-review-ang-k-to-12-program>
- Hunerson, H. (2017, July 28). How Facebook's new 'reactions' feature works & what it means for marketers. <https://blog.hubspot.com/marketing/facebook-reaction-buttons>
- International trade union confederation. (2018). *Workers' Right Index of International Trade Union Confederation 2018*. <https://www.ituc-csi.org/IMG/pdf/ituc-global-rights-index-2018-en-final-2-2.pdf>
- Kim, E., S. Ratneshwar & E. Thorson. (2017). Why narrative ads work: An integrated process explanation. *Journal of Advertising*, 46(2), 1-14. Taylor and Francis.
- Kimuell-gabriel, N. (2017). Ang araling kababaihan at kasarian sa araling Pilipino at wikang Filipino: Kalagayan at hinaharap. *Salksik E-Journal*, 6(2), 1-96. BAKAS.
- Kozub, D. (2016, February 24). *Like, love, laugh, sad, wow, mad: How to use Facebook reactions!* Imore. <https://www.imore.com/how-use-facebook-reactions>
- Kuipers, G. (2008). The sociology of humor. In F. Raskin (Ed.), *The primer of humor research* (pp. 365-402). De Gruyter Mouton.
- Lasin, G. (2018, August 11). *I can't be tamed: Direk Darryl Yap on what makes VinCentiments tick*. We the public. <https://wethepublic.com/direk-darryl-yap-vincentiments/#.XDGpqrB3LZ>
- Lopez, M. L. (2019, November 19). Cayetano defends P50-M SEA Games cauldron: 'It's a work of art'. *CNN Philippines*. <https://cnnphilippines.com/news/2019/11/19/Alan-Cayetano-SEA-Games-cauldron.html>
- Macaraeg, M. (2018). Isa sa mga realidad ang pinakita sa video, ang sistema ng edukasyon ang umpisahang baguhin dahil ang daming dinedemand ng sistema, domino effect na [Facebook comment]. <https://www.facebook.com/1674849226154795/videos/1884194218553627>
- Manalastas, A. (2019, December 31). That thing called 'hugot': Looking back on the decade that gave ache a name. *ANCX*. <https://news.abs-cbn.com/ancx/culture/spotlight/12/31/19/that-thing-called-hugot-looking-back-on-the-decade-that-gave-ache-a-name>
- Matamoros-Fernández, A. (2018). Inciting anger through Facebook reactions in Belgium. The use of emoji and related vernacular expressions in racist discourse. *First Monday*. <https://firstmonday.org/article/view/9405/7571>
- Matining, D. (2019, July 6). Sahod ng mga guro kulelat sa ASEAN – Win. *TNT Abante*. <https://tnt.abante.com.ph/sahod-ng-mga-guro-kulelat-sa-asean-win/>

- McClinton, D. (2019, April 17). Global attention span is narrowing and trends don't last as long, study reveals. *The Guardian*. <https://www.theguardian.com/society/2019/apr/16/got-a-minute-global-attention-span-is-narrowing-study-reveals>
- Mercurio, R. (2021, February 2). Pinoys spend longest hours on internet, social media. *Philstar*. <https://www.philstar.com/business/2021/02/02/2074611/pinoys-spend-longest-hours-internet-social-media>
- Mulkay, M. (1988). *On humor: Its nature and place in modern society*. (pp. 378-381) Polity Press.
- Nuncio, R. (2002). Saysay at salaysay ng pantawang pananaw mula pusong hanggang impersonasyon. *MALAY*, 17(1), pp. 78-108. De La Salle Publishing House.
- Patag, K. J. (2019, March 11). ACT: Newly hired teachers yet to receive 2019 salaries due to delay in budget release. *Philstar.net*. <https://www.philstar.com/headlines/2019/03/11/1900575/act-newly-hired-teachers-yet-receive-2019-salaries-due-delay-budget-release>
- Paton, G. E. C. (1988). In Search of Literature on the Sociology of Humour: A Socio-bibliographical Afterword. In C. Powell and G. E. C. Paton (eds.), *Humour in Society* (pp. 260-271). Palgrave Macmillan: London. DOI: https://doi.org/10.1007/978-1-349-19193-2_12
- Payawal-Monding, K. (2018). Though I do not condoned the first student video, this one is not acceptable too. There's a specific way of expressing this emotions, in a proper and professional way [Facebook comment]. <https://www.facebook.com/1674849226154795/videos/232224020976193>
- Peñol, J. (2018). I find this video reflective of the exact sentiments of our students. Sobrang daming pinagapagawa – assignments, projects, readings, etc [Facebook comment]. <https://www.facebook.com/1674849226154795/videos/1884194218553627>
- Ramos, K. (2018). Politikal na Pinoy meme bilang sisteng kontra-gahum ng lipunang Pilipino sa eleksiyon. *MALAY*, 31(1), pp. 68-82. De La Salle Publishing House.
- Reyes, J. A. (2013). Loob at kapwa: Mga unang hakbang patungo sa isang Pilipinong birtud-etika gamit si Sto. Tomas de Aquino. *Asian Perspectives in the Arts and Humanities*, 3(2), 1-26.
- Scott, J. C. (1985). *Weapons of the Weak: Everyday Forms of Peasant Resistance*. Yale University Press.
- Speier, H. (1998). Wit and politics: An essay on laughter and power. *American Journal of Sociology*, 103(5), pp. 1352-1401. <https://doi.org/10.1086/231355>
- Taecharungroj, V., & Nueangjamnong, P. (2015). Humour 2.0: Styles and types of humour and virality of memes on Facebook. *Journal of Creative Communications*, 10(3), 288-302. <https://doi.org/10.1177/0973258615614420>
- Thompson, C. (2018). Ito ang tunay na artista. Marunong talaga umarte, hindi lang pa-cute at pakilig [Facebook comment]. <https://www.facebook.com/1674849226154795/videos/2214808372131370>
- Villaflores, K. (2018). Sadly, degrading for teachers. They have a point but kids of this generation have absolutely no idea to the side and struggles of teachers [Facebook comment]. <https://www.facebook.com/1674849226154795/videos/1884194218553627>
- VinCentiments (n.d.). VinCentiments [Facebook page]. Facebook. Retrieved February 10, 2021 from https://www.facebook.com/SAWAKASBRIEFS/?ref=page_internal
- VinCentiments. (2018a, June 14). *Jowable* [Video]. Facebook. <https://www.facebook.com/watch/?v=1843678365938546>

- VinCentiments. (2018b, July 25). *KPL* [Video]. Facebook. <https://www.facebook.com/watch/?v=1884194218553627>
- VinCentiments. (2018c, September 12). *KPL 2: RESBAK KAKAK NI MAM* [Video]. Facebook. <https://www.facebook.com/watch/?v=232224020976193>
- VinCentiments. (2018d, September 26). *KPL 3 | BOSSABOS* [Video]. Facebook. <https://www.facebook.com/watch/?v=2214808372131370>
- VinCentiments. (2018e, December 26). *KPL 5 | THE OFW RANT* [Video]. Facebook. <https://www.facebook.com/watch/?v=857965357913194>

Grant Support Details

Author Contributions: Conceptualization, Concha; methodology, Autor and Concha, investigation, Autor and Concha; data curation, Autor and Concha; writing—original draft preparation, Autor and Concha.; writing—review and editing, Autor and Concha; project administration, Autor and Concha. All authors have read and agreed to the published version of the manuscript.

Acknowledgements: The authors would like to thank Ms. Jody M. Benedicto for the assistance in which she has tallied the total number of reactions in all the graphs presented in this paper, as well as the reviewers of this paper whose comments and suggestions helped improve the quality of initial manuscript.

Conflict of Interest: The authors declare no conflict of interest.

About the Authors

CHRISTOPHER BRYAN A. CONCHA serves as a Research Apprentice in the Bienvenido N. Santos Creative Writing Center (BNSWC). He finished his AB in Philippine Studies major in Filipino in Mass Media (Magna Cum Laude), and is pursuing his Master of Arts in Philippine Studies from De La Salle University-Manila.

MARIZ S. AUTOR obtained her AB/BSE Literature – Filipino Stream from Philippine Normal University (PNU). She is now pursuing her Master of Arts in Philippine Studies from De La Salle University-Manila.